



Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 3

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7
## Pagbibigay ng Buod o Lagom ng Tekstong Binasa



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Resy B. Clamohoy, Mildred P. Balang
**Editor:** Juvy O.Siton
**Tagasuri:** Erlyn M. Mirafuentes, Junalyn O. Muńoz
**Tagalapat:** Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:**
SDS Majarani M. Jacinto, EdD
ASDS Raymond M. Salvador , EdD
ASDS Visminda Q. Valde EdD
CID Chief Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Josephine L. Tomboc, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo kung paano maisasagawa ang pagbuo ng buod o lagom ng tekstong iyong binasa.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Naibibigay ang buod o lagom ng tekstong iyong binasa. **(F3PB-IIIj-16;F3PB-IVi-16)**



# Balikan

Basahin ang talata at tukuyin ang mahahalagang detalye sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. (*Ipabasa sa magulang o nakakatandang kapatid ang talata.*)

**Pista sa Aming Bayan**

Bata't matanda ay abalang-abala. Lahat ay tumutulong sa paghahanda sa nalalapit na kapistahan. May kabataan na nagtulong-tulong sa paggawa at paglalagay ng mga banderitas.

May ilang kababaihan naman ang nag-aayos ng bulaklak sa mga sasakyan na gagamitin sa prusisyon. Ang mga lalaki naman ay nag-aayos ng mga ilaw.

Ang mga nanay ay abala na sa paghahanda ng mga pagkain tulad ng suman, halaya, atsara, at iba pang kakanin. Ang mga tatay naman ay nag-aayos ng kanilang mga bakuran.

Mga tanong:

1. Ano ang pamagat ng talata?

_______________________________________________

2. Sino ang gumawa at naglagay ng mga banderitas?

_______________________________________________

3. Para saan ang mga bulaklak at pailaw na inayos ng mga kababaihan at kalalakihan?

_______________________________________________

4. Ano naman ang ginawa ng mga batang katulad mo?

_______________________________________________

5. Bakit abalang-abala ang lahat?

_______________________________________________



# Tuklasin

Basahin ang sumusunod na kuwento. Sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

**Ang Mag-anak na Langgam**

Malapit-lapit na naman ang tag-ulan kung kaya't ang isang mag-anak na langgam ay abalang-abala sa paghahakot ng pagkain para sa kanilang pinagtataguan.

"Huwag kayong lilihis ng landas patungo sa ating lungga dahil sa may gawing kaliwa ay may munting kanal", sabi ni Tatay Langgam.

"Hindi po kami lalayo", sabi ng Unang Munting Langgam.

Abala sa paghahakot ng mga pagkain ang bawat isa, kung kaya't hindi nila napansing si Bunsong Langgam ay unti-unting humiwalay sa pila.

"Nakakapagod naman ang paghahakot ng pagkain, matagal pa naman ang tag-ulan ay naghahanda na kami", sabi sa sarili ni Bunsong Langgam. "Buti pa'y maghanap ako ng mas masarap na pagkain."

Walang ano-ano'y nakakita siya ng isang kending malapit na malapit sa kanal na ipinagbabawal na puntahan ng kaniyang ama.

"Siguro naman ay hindi ako mahuhulog sa kanal kung dahan-dahan kong kunin ang kendi".

Sa kasabikan niyang makuha ang kendi ay hindi niya napansin ang isang munting sinulid na kinapatiran ng kanyang paa, kaya nawalan siya ng panimbang at tuloy-tuloy na nahulog sa kanal.

Hindi mapakali si Tatay Langgam nang hindi niya Makita ang kaniyang bunsong anak sa pila. Kaya dali-dali siyang umalis upang ito'y hanapin hanggang sa siya'y mapadako sa ipinagbabawal na pook. Pagtingin niya sa ibaba ay nakita niyang nakalutang sa tubig ang kaniyang bunsong anak.

Masakit man sa kalooban ay naibulong niya sa kaniyang sarili na: "Iyan ang napapala ng mga anak na matigas ang ulo".

Sagutin ang mga tanong sa loob ng bawat kahon upang makasulat ng buod ng kuwento.

| |
|---|
| Ang ______________________________________<br>Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento? |
| Abalang-abala sila sa __________________________<br>Ano ang ginawa nila? |
| Ang sabi ni Tatay Langgam ________________________<br>Ano ang tagubilin ni Tatay Langgam? |
| Si Bunsong Langgam ay__________________________<br>Ano ang ginawa ni Bunsong Langgam? |
| Ang ______________________________________<br>Ano ang nangyari kay Bunsong Langgam? |




# Suriin

Ang **pagbubuod/paglalagom** ay ang pagsulat o pagsasalaysay muli sa isang akdang nabasa o narinig sa maikling paraan na ginagamitan ng sariling pananalita. Ito ay maikli ngunit malaman at nagpapahayag ng pinakadiwa nito.

Isinusulat ang buod sa isang talata kung saan ilalahad ang pangunahing karakter, ang tunggalian, at ang resolusyon ng tunggalian. Maaring gumawa muna ng story map o graphic organizer upang maging malinaw ang daloy ng pangyayari.

Halimbawa: Ang kuwentong "Ang Mag-anak na Langgam" ay maari nating gawan ng buod gamit ang isang graphic organizer.






# Pagyamanin

A. Basahin at unawain ang kwento. Gamitin ang sumunod na pormat sa pagbuo at pagsulat ng buod.

**Ang Batang Matulungin at Masunurin**

Si Paul ay nagmamadaling lumabas sa paaralan upang umuwi. Pagagalitan kasi siya ng kanyang ina kapag mahuli siya sa pag-uwi. Habang naghihintay siya ng sasakyan, may lumabas na mag-ina sa paaralan. Sa unang tingin palang niya, kitang-kita na masama ang pakiramdam ng bata. Tumayo ang mga ito sa tabi upang umabang din ng sasakyan.

Maya-maya ay may humintong sasakyan sa harapan ni Paul.
Sasakay na sana siya subalit nakita niya na namimilipit sa sakit ng tiyan ang bata. Nagmamadali siya sa pag-uwi subalit naawa siya sa bata. Alam niyang mas kailangan ng mag-ina na sumakay kaagad, kaya ipinaubaya na lang niya ang sasakyan sa kanila. Nagpasalamat ang ina ng bata.

Naghintay muli si Paul ng susunod na sasakyan na masaya dahil nakatulong siya sa kapwa kahit sa munting paraan lang.

Sagutin ang mga tanong sa ibaba upang makabuo ng buod sa kwentong binasa. Isulat ang sagot sa patllang.

1. Si _______________________________________________.
   Sino ang pangunahing tauhan sa kwento?
2. Gusto niyang ______________________________________.
   Ano ang suliranin sa kwento?
3. Kaya ____________________________________________.
   Ano ang ginawa niya upang malutas ito?
4. Ngunit ___________________________________________.
   Ano ang nangyari sa kanyang naisip na solusyon?
5. Kaya ____________________________________________.
   Ano ang sumunod na nangyari?
6. Sa wakas _________________________________________.
   Ano ang katapusan sa kuwento?



# Isaisip

May mahahalagang tuntunin na dapat tandaan sa pagbibigay ng buod o lagom sa kwento/tekstong binasa:

- inilalahad ang buong estorya
- pinipili nito ang pinakamahalagang ideya at sumusuportang ideya o datos
- mahalaga ang pagtutok sa lohikal at kronolohikal na daloy ng mga ideya ng binuod na teksto.



# Tayahin

Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong upang makabuo ng isang buod.

**Pagkakabigkis**

Isang araw, narinig ni Nanay na nagsisigawan ang kanyang mga anak. Lungkot na lungkot siya kaya naisip niyang bigyan sila ng aral. Pinatawag niya ang mga ito upang ipatanggal ang agiw sa kani-kanilang kuwarto gamit ang tatlong pirasong tingting. Nalungkot sila sapagkat hindi lubusang natanggal ang agiw. Naisip nilang pagsama-samahin ang mga tingting at magtulung-tulong sa paglilinis ng bawat silid. Doon nila nakita ang kahalagahan ng pagsasama-sama.

1. Ano ang pamagat ng kwento?
_____________________________________________

2. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
_____________________________________________

3. Ano-ano ang nangyari sa kuwento?
_____________________________________________

4. Ano ang naging problema sa kuwento?
_____________________________________________

5. Paano ito nabigyan ng solusyon?
_____________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN:**

1. Pista sa Aming Bayan
2. Kabataan
3. Para sa prusisyon
4. Tumutulong sa paghahanda
5. Dahil sa nalalapit na kapistahan

**TUKLASIN:**

1.Bunsong Langgam
2.paghahakot ng mga pagkain
3. huwag lilihis ng landas patungo sa kanilang lungga dahil sa gawing kaliwa ay may munting kanal
4. naghanap ng masarap na pagkain at nakakita siya ng kendi malapit sa kanal
5. nahulog sa kanal

**PAGYAMANIN:**

**A.**

1. Paul
2. Umuwi ng maaga para hindi siya mapagalitan ng kanyang ina
3. Dali-dali siyang lumabas ng paaralan at naghintay ng masasakyan
4. May mag-inang palabas din ng paaralan at naghinhintay ng masasakyan at pansin niya na namimilipit sa sakit ng tiyan ang bata
5. Ipinaubaya na lang niya ang sasakyan kahit siya ang nauna
6. Masaya siyang naghintay sa susunod na sasakyan dahil sa munting paraan ay nakatulong siya sa mag-ina.

**TAYAHIN:**

1. Pagkakabigkis
2. Nanay at mga anak
3. Nagsisigawan ang kanyang mga anak at naisipan niya na bigyan ito ng aral sa pamamagitan ng paglilinis ng kanilang kwarto gamit lamang ang tatlong piraso ng walis tingting
4. Hindi lubusang natanggal ang agiw sa kanilang kwarto
5. Pinagsama-sama nila ang walis tingting at nagtulong-tulong

# Sanggunian


"Ang kamag-anak na langgam." Accessed December 2020. https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-fables-mga-pabula-ang-mag-anak-na-langgam-pabula-fable_1025.html.

"Aralin 5: Pagbuo, pag-uugnay, at pagbubuod ng mga ideya." Accessed December 2020. https://quizlet.com/424569222/aralin-5-pagbuo-pag-uugnay-at-pagbubuod-ng-mga-ideya-flash-cards/.

"Silence." Last updated January 26, 2021. https://tl.wikipedia.org/wiki/Paglalagom.

*Batang Pinoy Ako 2: Kagamitan ng mag-aaral sa Filipino*. Philippines, 2016.

*Batang Pinoy Ako 3: Kagamitan ng mag-aaral sa Filipino* (unang edisyon 2014). Philippines. 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.